# PAMPAGTUTURONG TUNGKULIN SA INTERAKSYONG PANGKLASE NG MGA GURO NG WIKA

**Maribel Z. Palazo, Elvira G. Dines, Dominga S. Tomas**
**Myna B. Sison, Ronda C. Batac-lao[1]**

*[1]Faculty members of the Humanities Department,*
*College of Arts and Sciences, Benguet State University, La Trinidad, Benguet*

## ABSTRAK

*Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika at masuri ang persepsyon ng mga mag-aaral sa mga ito ayon sa kanilang unang wika at kolehiyong kinabibilangan.*

*Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nanguna ang pagpapaunlad sa nilalaman sa mga pampagtuturong tungkulin; pangalawa ang pagpapadaloy; pangatlo, ang pag-uugnay at sumunod ang pagkokontrol, pagtutugon, pagbibigay ng positibo at negatibong pagpapahalaga.*

*Sa persepsyon ng mga mag-aaral ayon sa unang wika at kolehiyong kinabibilangan, halos nagkaisa ang lahat na palaging ginagamit ng mga guro ng wika ang mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase.*

## PANIMULA

Mahirap pamahalaan ang interaksyon sa klase na ang pinag-aaralan ay wika kaya mahalaga sa guro na may malawak na karunungan at kakayahan sa pamamahala nito.

Ang kakayahan ng isang guro na pangasiwaan ang interaksyon sa kanyang klase ay isa sa mga batayang kinakailangan sa pagtatamo sa layunin ng pagtuturo. Sinabi ni Allwright (1984), na kailangang tingnan ang interaksyon hindi lamang bilang aspeto sa pagtuturo ng wika kundi bilang pangunahing katotohanan ng sining ng pagtuturo. Ayon naman kay Ellis (1994), ang tagumpay ng pag-aaral ng wika ay nakasalalay sa interaksyong nangyayari sa klasrum. Ito ay tumutukoy sa pagpapalitang-kuro ng mga mag-aaral at guro. Ito ay nagaganap lamang kung mainam ang pamamahala ng guro (Krashen, 1976).

Isa sa pampagtuturong tungkulin ng guro sa pagtuturo ay ang pagkokontrol sa klase at pagtatakda ng pamantayan upang mapanatili ang kaayusan sa interakyon. Ginagamit din ang pangganyak at pagbibigay ng linaw ng mga proseso upang mapanatili ang magandang daloy ng talakayan at maintindihan ang paksang tinatalakay (Hughes, 1979).

Ang pagbibigay puna sa negatibong pag-uugali ng mga mag-aaral habang nagtatalakay ay kanais-nais din tulad ng pagbibigay ng puna sa kanilang positibong pag-uugali upang makuha ang kanilang atensyon. Tulad ng sunabi ni Casingal (2000), na kailangang gamitin ng guro ang kanyang awtoridad para disiplinahin ang mga mag-aaral at kunin ang kanilang atensyon. Ayon naman kay Gregorio (1976), ito ay pangangailangang hindi maiiwasan sa pagpapanatili sa kaayusan ng talakayan sa klase.

Ayon kay Chesterfield (1985), ang pagdaragdag ay isa sa mga ginagawa ng guro sa kanilang pakikipagkomunikasyon sa pagtatalakay sa kanilang paksa. Ito ay pagbibigay ng impormasyon sa lampas na kinakailangang pag-uusapan sa interaksyon.

Ayon sa mga nakalap na impormasyon upang maging mabisa at mabunga ang pagtuturo at pagkatuto, mahalaga kung ganoon ang pagkokontrol, pagpapadaloy ng guro sa interaksyong pangklase, pagtutugon, pag-uugnay, pagpapaunlad sa nilalaman ng paksa at pagbibigay ng positibo at negatibong pagpapahalaga sa mga mag-aaral. Ito ang tuon ng pananaliksik.

Nilalayon ng pananaliksik na:

1. Matukoy ang mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika.

2. Masuri ang persepsyon ng mga mga-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ayon sa sumusunod na salik:
    a. unang wika
    b. kolehiyong kinabibilangan

## PAMAMARAAN

Ang pag-aaaral ay isinasagawa sa Departamento ng Humanidades, Kolehiyo ng Sining at Agham sa Benguet State University.

Ang mga sabjek ng pag-aaral ay walong gurong nagtuturo ng Filipino (Wika) at ang mga respondante ay mga mag-aaral ng mga sabjek na guro.

Ginamit ang paraang palarawan. Sa pagtukoy sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase ng mga guro, inerekord ang kanilang pagkaklase pagkatapos ay itinanskrayb. Ginamit ang modelo ni Hughes (1979) sa pagtukoy sa mga pampagtuturong tungkulin sa pagtuturo ng mga guro. Sa istatistikong pagsusuri, ginamit ang pagbabahagdan at Cochran Q – Test.

Upang matukoy ang persepyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga guro sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase at malaman ang unang wika at kolehiyong kinabibilangan nila bilang mga salik ng pag-aaral gumamit ng talatanungan ang mga mananaliksik. Ginamit ang pagpapasyang 1- hinding hindi, 2 – bihira, 3 – paminsan-minsan, 4 – malimit, at 5 – palagi sa pagtukoy sa mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase ng mga guro sa wika. Ginamit ang weighed mean at Chi-Square sa istatistikong pagsusuri nito.

## PAGTALAKAY SA RESULTA

Ipinapakita sa Talahanayan 1 na ang nagunguna sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ay pagpapaunlad ng nilalaman (100%), pangalawa ang pagpapadaloy (87.5%), pangatlo ang pag-uugnay (75%), pang-apat ang pagkokontrol at pagtutugon (62.5%), sumunod ang pagpapatibay ng positibong pagpapahalaga (37.5%) at ang panghuli ang pagbibigay ng negatibong pagpapahalaga (25%).

Sa kabuuan, ang Qc nito ay 20.889 sa probability nitong 0.002. Matutunghayan sa kinalabasan ng pananaliksik na ginagamit ng mga guro ng wika ang mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase.

Kahit na ang positibo at negatibong pagpapahalaga ay may mababang bahagdan ginagamit pa rin ng mga guro ng wika ang mga ito sa interaksyong pangklase.

Sinasabing ang negatibong pagpapahalaga ay isa sa mga hindi magandang dulot sa pagtuturo dahil sa maaari itong magbunga ng pagkatakot sa mga mag-aaral lalo na sa kanilang pagpapahayag. Ngunit ayon kay Casingal (2000), kailangang gamitin ng guro ang kanilang awtoridad para disiplinahin ang mga mag-aaral at kunin ang kanilang aten-

syon. Ang pagbibigay puna sa negatibong pag-uugali ng mga mag-aaral habang nagtatalakay ay kanais-nais din tulad ng pagbibigay ng puna sa kanilang positibong pag-uugali upang makuha ang kanilang atensyon.

**Talahanayan 1.** Mga Pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase ng mga guro sa wika.

| TUNGKULIN | BILANG | BAHAGDAN | RANGGO |
|---|---|---|---|
| Pagkokontrol | 5 | 62.50 | 4.5 |
| Pagpapadaloy | 7 | 87.50 | 2 |
| Pag-uugnay | 6 | 75.00 | 3 |
| Pagtutugon | 5 | 62.50 | 4.5 |
| Pagpapa-unlad sa Nilalaman | 8 | 100.00 | 1 |
| Positibong Pagpapahalaga | 3 | 37.00 | 6 |
| Negatibong Pagpapahalaga | 2 | 25.00 | 7 |

Qc = 20.889 Prob. = 0.002

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ayon sa kanilang unang wika.

Ang unang wika ng mga mag-aaral ay nahahati sa Ibaloi, Kankanaey, Ilokano, Pilipino at iba pang wika na kinabibilangan ng Kalanguya, Karao, Kalinga at Ifugao. Kakaunting mag-aaral ang napapabilang sa mga wikang ito kaya inilagay sa iisang pangkat.

Sa persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ayon sa unang wika, “palagi” ang kinalabasan ng pananaliksik sa paggamit ng pagkokontrol ayon sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Ibaloi (4.52); Kankanaey (4.74); Pilipino (4.77) at iba pang wika (4.50) ngunit “malimit” sa Ilokano (4.48).

Nagkaisa ang mga mag-aaral sa lahat ng wika na “palaging” ginagamit ng mga guro ng wika sa interaksyong pangklase ang mga pampagtuturong tungkuling pagpapadaloy at pag-uugnay. Sa pagpapadaloy, ang Ibaloi ay (4.73); Kankanaey (4.72); Ilokano (4.65); Pilipino (4.66) at iba pang wika (4.50). Sa pag-uugnay, Ibaloi (4.50); Kankanaey (4.65); Ilokano (4.65); Pilipino (4.86) at iba pang wika (4.75).

Tulad ng pampagtuturong tungkuling pagpapadaloy at pag-uugnay “palaging” rin ang lumabas sa pananaliksik sa pagpapaunlad sa nilalaman at positibong pagpapahalaga. Sa pagpapaunlad ng nilalaman, Ibaloi ( 4.75 ); Kankanaey ( 4.80 ); Ilokano ( 4.79 ); Pilipino (4.94 ) at sa

iba pang wika ( 5.00 ). Sa positibong pagpapahalaga naman , Ibaloi ( 4.69); Kankanaey ( 4.76 ); ( 4.73 ) sa Ilokano; ( 4.80 ) sa Pilipino, at sa iba pang wika ay ( 5.00 ).

**Talahanayan 2.** Persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ayon sa unang wika.

| Pampagtu-tutrong Tung-kulin | Ibaloi | | Kankana-ey | | Ilocano | | Pilipino | | Iba pang wika | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE |
| Pagkokontrol | 4.50 | P | 4.74 | P | 4.48 | M | 4.77 | P | 4.50 | P |
| Pagpapadaloy | 4.73 | P | 4.72 | P | 4.65 | P | 4.66 | P | 4.50 | P |
| Pag-uugnay | 4.50 | P | 4.65 | P | 4.65 | P | 4.86 | P | 4.75 | P |
| Pagtutugon | 4.48 | M | 4.67 | P | 4.73 | P | 5.00 | P | 5.00 | P |
| Pagpapaunlad sa Nilalaman | 4.74 | P | 4.80 | P | 4.79 | P | 4.94 | P | 5.00 | P |
| Positibong Pagpapahalaga | 4.69 | P | 4.75 | P | 4.73 | P | 4.80 | P | 5.00 | P |
| Negatibong Pagpapahalaga | 2.25 | B | 2.34 | B | 2.24 | B | 2.60 | B | 2.00 | B |
| Kabuuang Weighted Mean | 4.27 | M | 4.39 | M | 4.33 | M | 4.52 | P | 4.40 | M |

$X^2_C$= 9.213$^{ns}$ prob.= 0.235 ns= not significant

Legend:
5.00 – 4.50 = Palagi (P)
4.49 – 3.50 = Malimit (M)
3.49 – 2.50 = Paminsan-minsan (Pm)
2.49 – 1.50 = Bihira (B)
1.49 – 1.00 = Hinding-hindi (Pp)

Tulad ng pampagtuturong tungkuling pagpapadaloy at pag-uugnay “palaging” rin ang lumabas sa pananaliksik sa pagpapaunlad sa nilalaman at positibong pagpapahalaga. Sa pagpapaunlad ng nilalaman, Ibaloi ( 4.75 ); Kankanaey ( 4.80 ); Ilokano ( 4.79 ); Pilipino (4.94 ) at sa iba pang wika ( 5.00 ). Sa positibong pagpapahalaga naman , Ibaloi ( 4.69); Kankanaey ( 4.76 ); ( 4.73 ) sa Ilokano; ( 4.80 ) sa Pilipino, at sa iba pang wika ay ( 5.00 ).

Nagkaisa ang lahat ng unang wika na “bihirang” ginagamit ng mga guro ng wika sa interaksyong pangklase ang pampagtuturong negatibong pagpapahalaga: Ibaloi ( 2.25 ); Kankanaey ( 2.34 ); Ilokano ( 2.24 ); Pilipino ( 2.60 ) at sa iba pang wika ay ( 2.00 ).

Sa kabuuang weighted mean “ malimit” ang lumabas na resulta

sa lahat ng wika maliban sa Ilokano na "palagi" .

Sa kabuuan, ang X2c ay 9.213 sa probability nitong 0.745 na nangangahulugang walang kabuluhan ang pagkakaiba ng persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga guro ng wika sa mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase. Ibig sabihin hindi tinatanggap ng pagsusuri ang haypotesis ng pananaliksik na may makabuluhang pagkakaiba ang persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga guro sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyhong pangklase ayon sa unang wika.

Ipinapahiwatig nito na naniniwala ang mga mag-aaral na ginagamit ng kanilang mga guro ang pampagtuturo tungkulin sa interaksyong pangklase. Ito ay nangangahulugang ang tanging layunin ng mga guro sa pagtuturo ay maging mabunga at kaaya-aya ang talakayan. Sa mga mag-aaral naman, naniniwala silang ginagamit ng mga guro ng wika ang pampagtuturong tungkulin upang mapanatili ang mahusay na interaksyong pangkaklase.

Maraming mga teorya at modelo tungkol sa pangangasiwa ng klasrum na maaaring pagbasehan ng mga guro. Mahalaga lamang na piliin at iangkop ng guro ang epektibong teknik sa kanyang klase at sa asignatura. Ayon kay Taylor ( 1987 ) bilang isang guro, kailangan niyang magpatupad ng mga tuntunin at regulasyon upang mapanatiling payapa at ligtas ang kapaligiran ng mga mag-aaral. Ito ay maaaring maisagawa sa pagkokontrol na isa sa mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase.

Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ayon sa kolehiyong kinabibilangan.

Sa persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ayon sa kolehiyong kinabibilangan, " palagi " ang kinalabasan ng pananaliksik sa paggamit ng pagkokontrol ayon sa mga mag-aaral ng CA (4.50) ; CAS (4.58); CTE (4.94) ; CVM (4.73) ; COF (4.80) at CHET (4.63). ''Malimit'' naman ang kinalabasan ng pananaliksik sa mga mag-aaral ng CEAT (4.3) at CN (4.48).

Sa pagpapadaloy "palagi" ang persepsyon ng mga mag-aaral ng CEAT (4.74); CTE (4.82); CN (4.52); CVM (4.78); COF (4.97) at CHET (4.93) ngunit "malimit" sa mga mag-aaral ng CA (4.39) at CAS (4.33).

Halos nagkaisa ang mga mag-aaral ng lahat ng kolehiyo na “palagi” ang paggamit ng mga guro sa pag-uugnay: CA (4.66); CAS (4.58); CTE (4.84); CN (4.50) ; CVM (4.76); COF (4.60); CHET (4.88) maliban sa mga mag-aaral ng CEAT ( 4.42 ) na “malimit” ang kinalabasan ng pagsusuri.

Sa pampagtuturong tungkuling pagtutugon ay “palagi” ang persepsyon ng mga mag-aaral ng CA (4.55); CEAT (4.79); CTE (4.84); CN (4.65); CVM (4.76); COF (4.67); CHET (4.80) maliban sa CAS (4.33) na “malimit”.

Nagkaisa ang mga mag-aaral na “palaging” ginagamit ng mga guro ang pampagtuturong tungkuling pagpapaunlad sa nilalaman. CA (4.68); CAS (4.83); CEAT (4.55); CTE (5.00); CN (4.78); CVM (4.76); COF (5.00) at (4.88) sa CHET .

“Palagi” rin ang lumabas sa pagsusuri sa persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkuling positibong pagpapahalaga : CA (4.63) ; CEAT (4.66) ; CTE (4.74) ; CN (4.76) ; CVM (4.95); COF (4.87) at CHET (4.95) ngunit ang kinalabasan ng istatistikong pagsusuri sa persepsyon ng mga mag-aaral ng CAS (4.25) ay “malimit”.

Ayon sa mga mag-aaral ng CA “malimit” ang kanilang tugon sa paggamit ng mga guro sa negatibong pagpapahalaga (4.03) ; “pamin-san-minsan” sa CAS (3.00) at CEAT (2.74) ; “bihira” sa CTE (2.42) ; CN (2.02) ; CVM (1.66) at COF (1.90) ; “hinding-hindi” naman ang persep-syon ng mga mag-aaral ng CHET (1.20).

Sa kabuuan ang X2c ay 46.280 a probability nitong < 0.01 na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang persepsyon ng mga mag-aaral ayon sa kolehiyong kinabibilangan sa paggamit ng mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase ng mga guro ng wika. Tinatanggap nito ang haypotesis ng pag-aaral.

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pampagtuturong tungku-lin sa interaksyong pangklase nakikilala ang kakayahan ng mga mag-aaral upang matuto. Kung ang kakayahang ito ay mapaunlad magiging bahagi ang mga mag-aaral sa interaktibong sitwasyon ng pagkatuto.

**Talahanayan 3.** Persepsyon ng mga mag-aaral sa pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklaseng ginagamit ng mga guro ng wika ahyon sa kolehiyong kinabibilangan.

| Pampagtututrong Tungkulin | CA | | CAS | | CEAT | | CTE | | CN | | CVM | | CF | | CHET | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE | Xw | DE |
| Pagkokontrol | 4.50 | P | 4.58 | P | 4.37 | M | 4.94 | P | 4.48 | M | 4.73 | P | 4.80 | P | 4.63 | P |
| Pagpapadaloy | 4.39 | M | 4.33 | M | 4.74 | P | 4.82 | P | 4.52 | P | 4.78 | P | 4.97 | P | 4.93 | P |
| Pag-uugnay | 4.66 | P | 4.58 | P | 4.42 | M | 4.84 | P | 4.50 | P | 4.76 | P | 4.60 | P | 4.88 | P |
| Pagtutugon | 4.55 | P | 4.33 | M | 4.79 | P | 4.84 | P | 4.65 | P | 4.76 | P | 4.67 | P | 4.80 | P |
| Pagpapaunlad sa Nilalaman | 4.68 | P | 4.83 | P | 4.55 | P | 5.00 | P | 4.78 | P | 4.76 | P | 5.00 | P | 4.88 | P |
| Positibong Pagpapahalaga | 4.63 | P | 4.25 | M | 4.66 | P | 4.74 | P | 4.76 | P | 4.95 | P | 4.87 | P | 4.95 | P |
| Negatibong Pagpapahalaga | 4.03 | M | 3.00 | Pm | 2.74 | Pm | 2.42 | B | 2.02 | B | 1.66 | B | 1.90 | B | 1.20 | Hh |
| Kabuuang Weighted Mean | 4.46 | M | 4.27 | M | 4.32 | M | 4.51 | P | 4.24 | M | 4.34 | M | 4.40 | M | 4.32 | M |

$X^2_c = 46.280$ Prob. = ≤0.01 ns= not significant

Legend

5.00 – 4.50 = Palagi ( P )
4.49 – 3.50 = Malimit ( M )
3.49 – 2.50 = Paminsan-minsan ( Pm )
2.49 – 1.50 = Bihira ( B )
1.49 – 1.00 = Hinding-hindi ( Hh )

## KONGKLUSYON

Mula sa kinalabasan ng pananaliksik, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

1. Karaniwang ginagamit ng mga guro ng wika ang mga pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase;

2. Halos nagkaisa ang persepsyon ng mga mag-aaral ayon sa unang wika at;

3. kolehiyong kinabibilangan na "palaging" ginagamit ng mga guro ng wika sa interaksyong pangklase ang mga pampagtuturong tungkulin maliban sa negatibong pagpapahalaga. Iba – iba ang kanilang persepsyon sa pampagtuturong tungkuling ito.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, itinatagubilin ang mga sumusunod:

1. Ang pampagtuturong tungkuling positibong pagpapahalaga ay iminumungkahing gamitin ng mga guro ng wika lalung-lalo na sa mga mag-aaral ng CAS

2. Ang ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakatuon sa nilalaman ng aralin kundi pati na sa proseso ng epektibong pagpapahayag. Kailangang isama rin sa pagtuturo ang sining ng pagtatanong ng mga guro bilang pamaraan ng pagpapasimuno ng diskurso at interaksyon sa mga mag-aaral.

3. Iminumungkahi kung ganoon na magsagawa pa ng ibayong pag-aaral sa mga nabanggit na larangan ng pampagtuturong tungkulin sa interaksyong pangklase tulad ng sining ng pagtatanong ng mga guro.

## SANGGUNIAN:

ALLWRIGHT, D. 1997. The Practice of English Language Teaching. London:Longman Group Limited.

CASINGAL, E. 2000. An Interaction Analysis of Classroom Language in Engineering and Architecture Classes. Unpublished Dissertation, Benguet State University.

CHESTERFIELD, R. 1985. Principles of Language Learning and Teaching. New Jersey: Prentice Hall Inc.

ELLIS, R. 1985. Understanding Second Language Acquisition. Oxford: Oxford University Press.

GREGORIO, H. 1973. Principles and Practices of College Teaching. Quezon City: R. P. Garcia Publishing Company.

HUGHES, M. 1979. Assessment of the Quality of Teaching Elementary Schools, Utah : University of Utah Press.

KRASHEN, s. 1985. Second Language Acquisition and Second Language Learning. Oxford: Perigamon Press Inc.

LONG, M. 1983. Classroom Foreigner Talk Discourse Forms and Functions of Teacher's Questions in Researching Language Classrooms. Modern English Pub. & British Council.